

Ang Misteryosong Si Awog

Kilala si Awog sa nayon nila. Mabait siya kaya gusto siya ng mga tao. Siya ang lihim na nag-aalaga sa ari-arian ng mga tao lalo na sa kagubatan. Takot ang masasamang-loob sa kanya.


Isang araw, may umakyat sa puno ng niyog para nakawin ang mga bunga nito. Pagbaba, bigla nitong naramdaman na parang may humahatak sa kanya hanggang siya ay madapa. Hindi na nakalayo sa puno ng niyog ang magnanakaw.

Kinaumagahan, nagulat ang may-ari ng niyog.

“Sino ka? Ano ang ginagawa mo diyan?” sabi ng may-ari.

Inaakala ng mga tao na nasa malapit lang si Awog ngunit hindi nila ito makita.

Sa isang pagkatakataon, ipinakitang muli ni Awog ang kanyang pagtulong sa mga tao. Habang abala at nagsasaya ang mga tao sa pagdiriwang ng pista, pinasok ng mga magnanakaw ang mga kabahayan.



"Halughugin ang mga bahay at kunin lahat ng mahahalagang bagay," wika ng lider ng grupo.

Pagkatapos limasin ang mga gamit sa mga bahay, nagmadaling tumakas ang mga magnanakaw. Pero biglang umalingawngaw ang boses ni Awog.

"Ano itong ginagawa ninyo? Dapat matuto kayo sa inyong ginawa," sabi ni Awog.

Biglang nanghina ang mga magnanakaw at hindi makatayo. Pinilit nilang tumakbo pero parang may lubid na tumali sa kanilang mga paa. Nadakip sila at nakulong.

Alam ng mga taong naroon na si Awog ang tumulong sa kanila pero wala ni isa sa kanila ang nakakakita sa kanya. Ang alam lang nila ay lagi silang sinusubaybayan ni Awog.

